

Chapter One



Hinawi ni Sunny ang bangs na bahagyang tumakip sa kanyang mga mata at humakbang palapit sa guwardya. Ang nakahandang ngiti niya ay hindi natuloy nang mabangga siya ng bulto ng isang lalaki at muntik pang matapilok kung hindi lang naagapan nito.

“Ano ba!” piglas niya nang kumawala sa pagkakawahak nito sa baywang niya. “Hindi kasi tumitingin sa dinadaan.” Hinarap niya ito nang magkasalubong ang mga kilay.

“Teka, miss, ikaw ang hindi nakatingin sa daraanan. Ano’ng akala mo, si manong guard lang ang tao rito?”

Lalong lumalim ang kunot sa noo ni Sunny sa

sinabi ng estranghero. Hindi nakabawas na kahit pawisan ito ay magandang lalaki ito. Matangkad at maputi ang kaharap, tipikal na mestizo. Ang pagkatsinito ng mga mata nito ay tila yaong sa pusa na mas lumiit sa dulo. Matangos ang ilong at may mga labi na sa palagay niya ay manipis para sa isang lalaki.

Sumimangot si Sunny. Hindi niya type ang mga lalaking mas maputi at tila mas makinis pa kaysa sa kanya.

“Wala akong time makipagtaló. Masisira lang ang araw ko sa ‘yo.” Tinalikuran niya ito at muling humakbang palapit sa guard.

“Aplikante sa *GS Corporation*?” tanong ng guard na tila hindi tinablan ang ngiti niya.

“Opo, kuya.” She tried to maintain her smile kahit sa sulok ng mga mata ay nakikita niya ang lalaking nakabangga na tila nakikiusyoso sa kanila ng guwardya.

“Naku, alas onse na. Hindi na nagpapaakyat ng aplikante pag alas onse na. Bukas ka na bumalik,” istriktong sabi ni manong guard.

Nalaglag ang mga balikat ni Sunny. Pangalawang kompanya niya itong inaplayan kaya medyo tinanghali na siya. Bukod pa doon, idinaan din niya muna sa school ang pamangkin

kanina bago siya umalis. “Hindi ko naman alam na may ganyang policy, kuya. Saka quarter to eleven pa lang sa relo ko, baka naman puwede akong maihabol. Please?” Pinagbuti niya ang tila maiiyak na ekspresyon.

He heard a chuckle.

Tumalim ang mga matang nilinga ni Sunny ang lalaking nakabangga. Halatang hindi bumenta rito ang paawa effect niya.

“Ano ba,” sita niya rito.

“Paakyatin mo na, Kuya Tolits.” His eyes were full of amusement. “S’abay ka na sa akin,” anito sa kanya.

“Sino ba ’to, kuya?” tanong ni Sunny sa guard, hinagod ng tingin ang lalaki. Naka-t-shirt ito na may malaking logo ng isang sikat na brand, jogging pants at rubber shoes. Hindi niya alam kung pawisan dahil sa pag-jo-jogging o sa dalawang malaking paperbags na bitbit nito. May naka-plaster na ngiti sa labi ng kaharap.

“Ako na’ng bahala, Kuya Tolits.”

“Teka...” Diskumpyado ang tingin niya rito. Baka may masamang balak sa kanya.

Natawa ang lalaki na tila nabasa ang iniisip ni Sunny. Tinanguan nito ang guwardya at nagpatiuna na sa elevator. Alanganing sumunod

siya.

Pumuwesto si Sunny sa pinakalikod ng elevator at agad pinagsisihan iyon nang mapuno iyon. Halos maipit na siya sa likod at nasa unahan niya ang estranghero. Hindi sinasadyang lumapat ang ilong niya sa balikat ng lalaki nang may muling sumakay. Hindi niya inaasahang mabango iyon. Pasimpleng muli niyang sinamyo ang balikat ng estranghero.

“Walang fabric conditioner ’yan,” sabi nito.

“Ha?”

“You did smell me, right?” Bahagya siyang nilingon nito. “Natural na amoy ko ’yan.” He grinned.

“Excuse me, hindi kita sininghot,” nag-iinit ang mukha dahil sa pagkapahiyang asik niya.

Narinig niya ang mahinang hagikgikan ng dalawang babaeng kasakay nila. Inirapan niya ang lalaki nang muli itong lumingon.

“Isang lingon pa, tatamaan ka na sa akin,” banta niya na lalo lang nitong nginisihan.



Ang buong ika-anim na palapag ay inookupa ng *GS Corporation* o *Gonzago Steel Corporation*. Ang tangkang pagharang sa kanya ng receptionist ay napigil nang magsalita ang lalaking umagapay

sa kanya.

“Kasama ko siya, Sheila,” sabi nito sa receptionist na agad ngumiti. Well, hindi naman maipagkakailang may angking karisma ang lalaki na tila mahirap tanggihan. His easy smile was endearing. “Aplikante.”

Hinagod siya ng nanunuring tingin ng receptionist bago muling ngumiti sa binata. “Sinabi mo, eh. Ikaw pa.”

Nakangiting nagpatiuna ang kasama at sumunod siya. Dere-derecho ito hindi sa HR Department kung saan niya natanaw ang mga aplikanteng nakapila, kundi sa opisina ng CEO.

“Teka...” Tumigil si Sunny at muling nilingon ang pinto ng HR Department. “Bakit diyan?”

“Ayaw mo bang matanggap agad?” Tumaas ang kilay ng lalaki. Muli ang tila panunudyong sa mga mata nito.

“Siyempre gusto, pero hindi ba dapat dumaan din ako sa proseso?”

“Malakas ako sa boss, halika na.”

Nang mapadaan sa tapat ng sekretarya ng CEO ay ibinaba nito ang dalang paperbags sa mesa.

“Kasama ko, Ate Leonor. Aplikante,” pakilala nito sa kanya. Alanganing ginantihan niya ng

ngiti ang palakaibigang babae.

“Naku, dapat makapasa na at nauurong ang leave ko.” Inginuso nito ang maumbok na tiyan. Nang humakbang ito papasok sa opisina para samahan sila ay halatang nahihirapan na itong magkikilos. “Seven months pa lang ’to, kaso kambal, kaya kailangan ko na ring mag-leave. Ang hirap!” kuwento nito sa kanya.

Muli siyang ngumiti bago nilinga ang kasunod na lalaki. Sino ba ito? Kung matatanggap siya, mukhang kailangan na niyang maging mabait dito.

Ngumiti ito bago kumindat at agad nagbago ang isip ni Sunny. Umirap siya bago sumunod papasok sa sekretarya.



Nakatalikod ang dinatnan nila sa loob ng opisina at may kausap sa telepono. Matapos magpaalam ay iniwan na sila ng sekretarya. Ang kasamang binata na naringgan niyang tinawag na ‘Lee’ ng buntis na empleyada ay agad lumapit sa coffeemaker at nagtimpla ng kape.

“Gusto mo?” alok nito.

Umiling si Sunny kasabay ng pag-ikot ng swivel chair ng boss.

Kung ang kasama niya ay mukhang hindi

nasisikatan ng araw, ang lalaking kaharap ay tila maghapon sa arawan. He was more rugged-looking, too.

Saglit lang nitong tinapunan ng tingin si Lee bago muling bumalik sa kanya ang mga mata. Puno ng curiosity na hinagod siya nito ng tingin bago nagpaalam sa kausap sa telepono. Tumaas ang kilay nito na tila naghihintay ng eksplanasyon kung ano ang ginagawa niya sa opisina nito at gusto niyang batukan si Lee na kampanteng nagkakape at naaaliw na nakatingin sa kanila.

“I didn’t get her name, aplikante sa baba,” sabi nito. “I think she will be an efficient secretary kapalit ni Ate Leonor.” Naupo ito sa isa sa mga upuan sa harap ng mesa at sinenyasan siyang maupo.

“Teka, office staff lang ang ina-apply-an ko.” Alanganing naupo si Sunny. Sa tangkad ng binata ay halos magkadikit ang mga tuhod nila.

“Mas bagay kang secretary. Hindi ba, Donald?” anito sa binatang kulay pulot ang balat.

“You didn’t get her name and you’re recommending her para maging sekretarya ko?” Kay Lee nakatingin ang tinawag na ‘Donald.’

Nagkibit-balikat lang si Lee.

“Let me see your resume, miss,” baling nito sa kanya. Walang imik na inabot niya ang kanyang resumé sa lalaki.

Bahagyang nakakunot-noong pinasadahan ni Donald ng basa ang resumé niya. “It’s Sunny,” sabi nito kay Lee. “Sunny ang pangalan niya.”

Lee chuckled and he was really goodlooking. Tila kay daling kagaanan ng loob ang hitsura ng lalaki at hindi niya maintindihan kung bakit tila kay dali niyang mapikon dito.

“Why did your parents name you ‘Sunny’? Mas bagay yatang ‘Stormy.’”

Nagtawanan ang dalawang lalaki na tila wala siya sa harap ng mga ito. Pinigil niyang sumimangot at pinaalala sa sarili na kung matanggap siya, kailangang maging mabait na siya kay Lee.

“Ang pangalan ng kapatid ko ay Raine.”

Muling nagtawanan ang dalawa.

“That’s cool,” komento ni Lee. “Sun and Rain.” He looked at her with interest at bahagya siyang nakadama ng pagkailang. Kapag seryoso ang mga mata nito ay tila nababasa ang pagkatao niya.

“So, Sunny, kailan ka puwedeng magsimula ng training as my secretary?” tanong naman ni

Donald.

“Ho? Tanggap na ako?” Kahit nakapagtapos ng apat na taong kurso sa Office Administration ay hindi siya makapaniwala. Walang exceptional sa resumé niya at sigurado siyang may mas nakahihigit sa kanya mula sa pila ng mga aplikante sa labas. Somehow, na-guilty siya na hindi siya dumaan sa proseso.

“I told you, Sunny, malakas ako sa boss.” Lee smiled.

“Totoo ho ba?” baling niya kay Donald.

“Today is Friday, you can start your training on Monday. Probationary period of six months. Kung maayos ang trabaho mo, that’s just for formality,” anang bagong boss niya.

“Maraming salamat ho, Sir. Pagbubutihin ko ho.” Bumaling siya kay Lee. “Salamat sa ’yo.”

“Siguro naman hindi mo na ako susungitan?”

Pinandilatan niya ito.

Napatingin siya kay Donald na tila naaliw sa kanilang dalawa.

“Hindi na,” bawi ni Sunny.



Nang makalabas ng opisina, laking pasasalamat ni Ate Leonor nang malamang natanggap siya.

“Okay lang ba iyon na hindi ako dumaan sa HR?” hindi napigilang tanong ni Sunny.

“Naku, ’wag mong alalahanin iyon. May ibang aplikante na dumaan sa HR pero hindi naman tumatagal. Saka si Lee na ang nagrekomenda sa ’yo.”

Hindi na niya binanggit sa babae na kanina lang sila nagkakilala ng binata sa ibaba ng gusali.

“Kaanu-ano ba ni Sir Donald si Lee?”

“Matalik na magkaibigan ang dalawang iyan simula pa noong kabataan nila.”

“Ah. Sige, Ate Leonor, babalik na lang po ako sa Lunes.”

“Okay. See you.”



Sakay ng jeep pauwi ay hindi pa rin makapaniwala si Sunny na natanggap siya sa trabaho. Hindi siya naniniwala na may mga taong kagaya ni Lee na tumutulong nang walang kapalit.

O wala nga bang kapalit?

Bigla siyang nakaramdam ng agam-agam. Mukha naman itong mabait. Pero hindi ba mukha ring mabait iyong ex niya na nanloko sa kanya? At ang tatay nila na nang-iwan sa kanila upang makisama sa mayamang boss nito? At

ang tatay ng pamangkin niya na nang malamang buntis ang kapatid niya ay naglahong parang bula? Lahat sila mabait sa simula.

Her face turned grim.



Binaybay ni Sunny ang makipot na kalsada patungo sa kanilang maliit na apartment. Dapat may mga sasakyang nakakadaan doon ngunit ginawa nang parking space ng ibang mga residente ang kabilang side kaya naging makipot para sa dalawang sasakyang magkakasalubong.

Ang maliit na apartment na tinutuluyan nila ay extension ng bahay ng may-ari. Simula kolehiyo nila ay dito na sila nakatira ni Raine, ang kapatid niya na mas bata lang ng isang taon sa kanya.

Ang inay nila ay nagpakamatay nang araw na malamang iniwan sila ng ama at sumama sa mayaman nitong amo. High school sila pareho noon at nagpalipat-lipat sa mga kamag-anak pagkatapos.

Nang tumuntong sa kolehiyo, dahil likas na matalino ay nakakuha si Sunny ng scholarship. Nakapag-aral siya sa Maynila at naiwan si Raine sa isang tiyahin nila sa Cavite. Hindi agad nakapagkolehiyo si Raine dahil bukod

sa tumanggi ang tiyahin nilang pag-aralin ito ay hindi ito nakapasa sa scholarship ng pinapasukan niyang university. Second year college si Sunny at pinagsasabay ang part-time job at pag-aaral nang magdesisyon siyang kunin si Raine mula sa tiyahin.

Lingid sa kanyang kaalaman, ipinasok na palang kasambahay ng tiyahin ang kapatid. Kinailangan pang makialam ang barangay captain para lamang ibigay nito ang address kung saan namamasukan si Raine. Sari-saring mura at panunumbat ang narinig nila sa tiyahin nang umalis sila. Mula sa pagbi-bedspace sa Sta. Mesa, lumipat silang magkapatid sa maliit na apartment na ito sa Sampaloc.

Tipikal iyong studio type, may maliit na kusina at CR. Walang sala kundi dining area na may pangdalawahang mesa at upuan. Nasa sulok ang kanilang double bed.

Graduating na si Sunny nang malaman niyang buntis si Raine. Tila gumuho ang mundo niya noon. May isang semester siyang hindi ini-enroll para lamang magdoble ng trabaho upang makapag-aral ang kapatid ngunit nabuntis ito at ang lalaki ay tila bulang naglaho.

Mahigit isang linggo niya itong hindi

kinausap. Nagkaayos lang sila nang umuwi siyang umiiyak ito. Muntik na nitong ipalaglag ang bata at nag-back-out lamang sa huling sandali. Tila binuhusan ng malamig na tubig lahat ng galit niya sa kapatid. Tinapos lang nito ang semester noon, bago pumasok sa isang fastfood hanggang sa anim na buwan na ang tiyan.

Bago pa niya mabuksan ang pinto ay sumungaw na ang landlady nila sa bintana. “Sunny...” tawag nito.

Kapag ganoon ang tono ng matanda ay alam na niya ang kasunod na sasabihin kaya inunahan na ni Sunny. “Magpapalit lang ho ako ng damit at ipapanhik ko diyan ang renta.”

Maglilimang araw na silang late sa renta at sanay na siya sa ugaling iyon ng landlady. Mahigpit nitong patakaran na bawal mahuli sa pagbabayad ng renta. At hindi sila exception kahit sila ang pinakamatagal na umuupa rito. Ang ibaba ng bahay nito ay ginawa na ring boarding house. May apat na kuwarte iyon na may tig-tatlong double beds. Ang second floor na tinutuluyan nito ay pinagawan nito ng hiwalay na hagdanan.

Nang makapasok, inilapag lang ni Sunny ang gamit at kinuha na ang pambayad sa renta. Sadya

niyang dine-delay ang renta dahil wala na silang panggastos. Nagkaproblema iyong ATM ni Raine at iyon sana ang inaasahan nila.

Ang pambayad sa apartment ay mula sa huling suweldo niya sa huling trabaho. Last week ay natapos na ang kontrata ni Sunny at nagdesisyon siyang mula sa operations ay lumipat na sa opisina. Kaya naman araw-araw siyang nag-a-apply. Muli, tahimik siyang nagpasalamat na natanggap siy.

At dahil iyon kay Lee.

Lee Whatever kasi ni hindi niya alam ang buong pangalan ng binata.



“Nga pala, Sunny, magtataas ako ng renta sa susunod na buwan,” anang landlady habang binibilang ang inabot niyang bayad sa renta.

“Ho? Katataas n’yo lang four months ago, ah.”

“Masyadong mataas na ang presyo ng mga bilingin. Gasino na lang ang limandaan na increase. Pareho naman kayong may trabaho ni Raine.”

Malaking bagay ang limandaan kung madadagdag sa kanilang apat na libong renta. “Malaking bagay na ho sa amin iyon. Baka naman ho puwedeng after two months pa para saktong

anim na buwan.”

Napailing ang matanda. “Iniisip ko nga kung dadagdagan ko ang renta n’yo o ipapalagas ko na lang at pagagawan ng two-storey na boarding house. Malamang mas malaki pa ang kitain ko. Kaso naisip ko rin na matagal na kayo ryan.” Tila wala namang concern sa tinig ng kausap. Sigurado si Sunny, wala lang itong sapat na pera kaya hindi maituloy ang planong two-storey boarding house.

“Eh salamat naman ho at naisip n’yo iyon.” Pinagbigyan ni Sunny ang kunwa ay concern nito. “Basta ho magpasabi naman kayo nang maaga kung may ganoon kayong plano at baka sa kalye kami pulutin.”

Tumangu-tango lang ito at nagpaalam na rin ang dalaga.

Chapter *Two*



Lunes. Unang araw ng trabaho. Dapat ay maaga si Sunny para ma-impress ang mga kasamahan, higit lalo ang boss niya. Ngunit may sumpong ang pamangkin niyang si Sunshine at hindi agad nagpaiwan sa school. Kaya heto siya, halos beinte minutos nang late.

Humihingal siya pagdating sa harap ni Ate Leonor.

Napailing ito bagaman nakangiti. “Akala ko, hindi ka na papasok. Nauna pa sa ’yo si Lee.”

“Sorry po talaga. Naghatid pa ako ng pamangkin sa eskuwela.”

Sabay silang napatingin sa pinto ng opisina ng boss nang bumukas iyon. Lumabas si Lee na

naka-muscle shirt, basketball shorts, at rubber shoes.

Shorts sa opisina? She almost rolled her eyes.

“First day and you’re late.” Umiling-iling ito bagaman nakangiti.

Sinikap niyang balewalain ang matipuno nitong mga braso at ang pasimpleng paghagod sa kabuuan niya. Ang suot ni Sunny ay blouse na kulay peach na itiniklop hanggang siko. Tinernuhan niya iyon ng cream slacks. Ang mga isinusuot niyang damit ay hinihiram niya kay Raine na pumapasok naman sa isang call center.

“Halika na,” aya ni Ate Leonor.

Nasulyapan muli ni Sunny ang isang malaking paperbag na katulad ng dala ni Lee noong una niya itong nakasabay. Napakunot ang kanyang noo.

“Gusto mo ba?” Tila nabasa ng babae ang pagtatanong sa mga mata niya.

“Ho?”

“Set meal ’yan. Seventy-five ang isang order. Ulam at kanin na.”

Napatingin si Sunny kay Lee. So nagbebenta ito ng pagkain sa opisina?

“May baon ho ako.”

“Libre na sa kanya ang isa, Ate Leonor,” sabi

ni Lee.

“May pambayad naman ako,” pambabara niya rito. “Pero may baon nga ako.”

Nagkibit-balikat lang ang binata. “Siyempre dapat may sample ka para malaman mo kung gaano kasarap ang luto ko.” Hindi talaga uubra rito ang pagsusungit niya. “Baka hanap-hanapin mo.” Natawa ito na sinundan ni Ate Leonor.

“Totoo ka, Sunny. Iyan nga yata napaglihian ko at iyong yema cake niya.”

“May yema cake?” Her eyes lit up.

“Wala, pero kung gusto mo, dadalhan kita mamaya,” sabi ni Lee.

“Wag na.” Pinakaswal niya ang tinig. “Hindi ako mahilig sa yema cake.”

Noong bata pa sila, laging gumagawa ng yema cake ang nanay nila kapag mayroong birthday nilang magkapatid. Ayaw na niyang balikan ang alaalang iyon. Ang huling yema cake na ginawa nito ay hindi nila nakain dahil sa paghihintay sa itay nila. Kinabukasan, nalaman nilang sumama na ito sa amo nito. Nang gabing iyon, kinitil ng ina ang sarili nitong buhay.

She blinked her tears and smiled. “Tara na ho, Ate Leonor.” Iniwasan niya ang tingin ni Lee.

Pumasok muna sila sa opisina ni Sir Donald.

She made a face nang mapatapat kay Lee. Tumawa lang ito at nagpaalam na.

Itinuro sa kanya ni Ate Leonor ang mga files hanggang sa pagtitimpla ng kape ng boss.

“Anong oras papasok si Sir?”

“Darating na rin iyon. Bago mag-alas nueve, nandito na iyon. Pero kapag may lunch meeting siya, doon dumederecho iyon.”

Dahil hirap maglakad si Ate Leonor, si Sunny na lang ang nagtungo sa HR para mag-fill out ng employee information sheet niya at magpagawa ng ID.

Nang muli siyang bumalik sa opisina ay naroon na si Sir Donald.

“Halika, ikaw ang kumuha ng dictation niya,” aya ni Ate Leonor.

Kinakabahang sumunod ang dalaga. Mahigit apat na taon na noong huli siyang nakapag-steno. Nakaharap sa laptop si Donald nang magsimulang magdikta sa kanya. Nanginginig ang kamay niya nang magsimula pero nagawa naman niya.

“Nakuha lahat?” tanong ni Donald kay Ate Leonor nang ipasa niya ang ginawa. Tumango ang sekretarya.

“You’re good. At marunong kang mag-steno,”

sabi ng babae. “Ako nga ay nagpapaulit pa kay Sir Donald.”

“Medyo kulang na nga ho sa praktis.”

“Ikaw na ang kukuha ng dictations para masanay ka. Halika at i-type mo na ito.”



Napaigtad si Sunny nang tumunog ang telepono. Lunch break at iilan lang silang naiwan. Si Ate Leonor ay sa pantry kumain. Ang baon niya ay kanin at hotdog. Alanganing dinampot niya ang telepono.

“*GS Corporation*, good morning. Hmm... good afternoon.”

Narinig niya ang mahinang pagtawa sa kabilang linya. “Make up your mind, is it good morning or good afternoon?”

“Lee...” Kilala niya ang tinig nito.

Muli itong natawa. “Kilala mo pala ang boses ko sa telepono.”

“Puwede ba, ’wag mo akong istorbohin. Kumakain ako.”

“Hindi mo gusto ang libreng set meal galing sa akin?”

“May baon ako...”

“Hmm, hulaan ko... hotdog at kanin?”
Napalinga si Sunny para i-check kung may CCTV

ba sa gawi niya. “Tama ako?”

“Pakialam mo...” Tinusok ni Sunny ang hotdog at pinagpatuloy ang pagkain. “Ano ba’ng kailangan mo?”

“Tara mag-lunch...”

“Kumakain na ako.”

“Hindi ka pa naman tapos, eh. Aakyat ako diyan.”

Bago pa siya nakasagot, naibaba na ni Lee ang telepono. Ilang sandali pa at natanaw na niya ang bulto nito na palapit. May dala itong paperbag.

“I was right. Hotdog at kanin,” nakangiting sabi nito.

“Paano mo nahulaan?”

“Yan ang pinakamadaling iluto at malamang iyan din ang baon ng pamangkin mo.”

Sinimangutan niya ito. He was right again. Inilapag ng lalaki sa ibabaw ng mesa ang paperbag at inilabas ang dalawang plato, utensils, tatlong food containers. Kanin, beef calderta... at yema cake.

Nagsisikip ang lalamunan na tumingin siya sa kaharap.

“Congratulatory meal. Dahil first day mo.” He smiled and warmth crossed his eyes. Na tila ba alam nito ang kuwento ng kanyang buhay.

“Salamat,” sambit ni Sunny nang lagyan ng binata ng ulam ang plato niya. Tinikman niya ang caldereta at napatingin sa lalaki.

His smile widened. “Good, right?”

Tumango siya. “Ikaw talaga ang nagluto?”

“Mukha ba akong hindi marunong magluto?”

Nagsimula rin itong kumain.

She nodded again. “So, may karinderya ka?”

“Karinderya?” Tumawa ito. “Sort of.”

Inilapit nito sa kanya ang yema cake nang maubos nila ang kanin at ulam. Hindi niya akalaing mapaparami ang kain niya.

“Hindi ako mahilig sa yema cake.” Iniwas ni Sunny ang tingin sa dessert. Ang pinakamasarap na yema cake na natikman niya ay iyong gawa ng inay niya.

“Tikman mo lang.”

“Gawa mo rin?” Tumango ang lalaki. Atubiling humiwa siya ng maliit. Napayuko siya nang malasahan iyon. Halos pare-pareho ang lasa ng yema cake, pero ito ang pinakahawig ng lasa sa gawa ng inay niya. Hindi sobrang tamis, nag-aagaw ang alat at tamis ng gatas. Ang base cake ay malambot at tila natutunaw sa dila.

Tila biglang luminaw ang imahe ng kanyang ina. Masaya ito kapag nagluluto o nagbe-bake.

Nakamaluwang na duster at ang amoy ng niluluto ay kumapit na sa balat nito. At tuwina ay yayakapin niya ito upang lalong singhutin ang mabangong amoy ng pagkain. She blinked her tears.

“What’s wrong?”

“Ayoko nga ng yema cake.” Itinulak ni Sunny ang cake palayo. Nagpakamatay ang nanay niya dahil sa walang kuwenta nilang ama.

“I’m sorry.” Hindi na ito nagtanong. Iniligpit ni Lee ang pinagkainan nila.

“I’m sorry masungit ako. Salamat sa lunch.”

“Puwede namang araw-araw.” Ngumiti ang binata. May mga taong kagaya ni Lee na magaang tingnan ang mukha. There was kindness and understanding in his eyes.

“Magagastusan ka lang. Saka sayang ang benta mo kung ipapakain mo lang sa akin nang libre.”

“I live near. At malapit lang din dito ang puwesto ko.”

“May karinderya dito sa area?” hindi makapaniwalang tanong ni Sunny. Malalaking business establishments at buildings ang nakikita niya sa area na iyon.

He laughed, amused. “Minsan pasyal ka.”

“Naku, ang daya ha...” Si Ate Leonor. “May pakain ka pala, hindi mo ako sinabihan.”

“Bigla lang sumulpot, Ate...”

“Wow, yema cake.” Dinampot agad iyon ni Ate Leonor.

“Si Donald?” tanong ni Lee.

“Mukhang nauna mo nang hanapin si Sunny bago si Donald, ah.” May nanunuksong ngiti ang babae.

Hindi sumagot binata bagaman may maliit na ngiti sa mga labi.

“Kasama siya ni Reena,” sagot na ng sekretarya sa tanong nito.

“Really?” Napaangat ang kilay ni Lee at na-curious si Sunny kung sino ang nabanggit na pangalan. “Pumayag si Reena na mag-lunch with Donald?”

“Not exactly lunch. May business proposal yata si Donald.”

“Sino si Reena?” sabat na niya.

“Ex ni Donald,” sagot ni Lee.

“Oh.”

“Anong oh ’yan?” Kumunot ang noo ng lalaki. “Don’t tell me may crush ka kay Donald?”

Hindi iyon ang ibig niyang sabihin sa reaksiyon niya. Pero na-curious siya sa kunot ng

noo ni Lee.

“O, eh ano naman kung sakali? Crush lang naman.”

“Puwede ba ’yan sa company, Ate Leonor?” seryosong tanong ng binata at gusto niyang matawa.

“Crush lang naman daw, eh.” Tila naaliw din ang buntis.

“Guwapo ba iyon?” reklamo ni Lee.

“Tall, dark and handsome,” sagot ni Sunny na pigil ang ngiti.

“Oy, guwapo ang boss namin ha...” Si Ate Leonor.

“Inilibre kita ng lunch ’tapos malalaman ko crush mo si Donald?” Tila napipikon ang hitsura ng binata.

“Sinabi ko bang magdala ka ng lunch?”

“Basta hindi puwedeng crush mo si Donald.”

“Parang baliw ’to.” Natatawa si Sunny kasi parang seryoso ang binata.

“Araw-araw kitang ililibre ng lunch basta hindi mo crush si Donald.” Tinitigan siya nito na tila wala roon si Ate Leonor. His eyes were dead serious.

“Wala namang masama kung crush ko nga.” Umiwas siya ng tingin. Bigla siyang naiilang

kapag seryoso si Lee.

Bago pa ito nakasagot ay sumulpot na si Donald.

“O ’eto na ang tall, dark, and handsome,” anunsyo ni Ate Leonor.

“What did I miss?” nakangiting tanong ni Donald na pinaglipat-lipat ang tingin sa kanila.

“Where’s Reena?” tanong ni Lee na tila ayaw ipaalam kay Donald ang topic nila.

“Inihatid ko na sa clinic niya.”

“How was your meeting?” tanong pa nito.

“Medyo tagilid...”

“Do you want me to talk to her?”

“Nah, ako na lang ulit. Makikipag-set ulit ako ng appointment next week.” Pumasok na sa opisina ang boss niya at sumunod dito si Ate Leonor. Madalas nagpapatimpla ito ng kape after lunch, ayon na rin sa sekretarya nito.

Naiwan sila ni Lee.

“I’m serious, Sunny.”

“Para kang sira...”

Humakbang ito palapit. Without the table between them, he seemed taller and broader. “Hindi mo nga puwedeng crush si Donald. Bawal sa company.”

“Crush lang naman.” Hindi talaga niya crush

ang boss niya. Naaliw lang siya na tila sineseryoso ni Lee ang usapan. He looked intimidating when serious. “Saka bakit ba hindi puwede?”

“Unang-una, company policy.”

“Oy, wala akong nabasang ganyan...”

“Ipapa-revise ko.” Natawa si Sunny sa pag-aakalang biro nito. “Pangalawa, may Reena siya. He likes Reena.”

“Mag-ex na sila, di ba? Past na.”

“Pangatlo, ililibre kita ng lunch araw-araw.”

“Hmm... tempting.”

Ngumiti ang binata. “At pang-apat... dapat ako ang crush mo.”

Nanlaki ang mga mata ni Sunny at naramdaman niya ang pag-iinit ng mukha bago alanganing natawa. “Nagbibiro ka ba?” Bahagya siyang nailang. Kung tutuusin ay mas may posibilidad na maging crush niya si Donald. Tila babaeng-babae siya kapag ito ang katabi. Pero bakit kay Lee parang nagkakabuhol-buhol ang emosyon niya?

“I am serious.” Kumislap ang mga mata ng kausap, tila nahulaan ang pagkakailang niya. Humakbang pa ito palapit.

Dinuro niya ang binata ng kutsara. Natawa ito at napapahiyang ibinaba ni Sunny ang kutsara.

“Hindi mo ba itatanong kung bakit ako dapat ang crush mo?” tanong ni Lee nang huminto halos isang dangkal na lang ang layo sa kanya.

“Bakit?”

“Kasi crush kita.” He smiled sheepishly before stepping backward. “Dapat mutual, para maging tayo.”

She literally gaped. At kahit nang nakangiting nagpaalam si Lee at humakbang palayo ay naiwan si Sunny na nakatulala.

“Hoy...”

Nilingon niya si Ate Leonor. “Nagtapat na ba?”

“Ho?” Nag-init ang mukha niya.

Natawa ang babae. “Si Lee?”

Inulit niya ang sinabi ng binata at lalong humalakhak ang babae. “Mapapaanak ako nang maaga sa lalaking iyan.”



Pagkagaling sa opisina ni Donald, tumuloy si Lee sa tinatawag na karinderya ni Sunny.

He smiled. Maybe he should have corrected her. Ang ‘karinderya’ niya ay isang malaking buffet restaurant na may mga branches sa dalawa pang malaking mall. Ang mga pagkaing hinahatid niya sa opisina ni Donald ay order

ng mga empleyado nito na binibenta niya sa mas murang halaga. Halos buong building ay sa kanila kumukuha ng order pero ang orders lang ng mga empleyado ni Donald ang madalas niyang inihahatid. Idinadaan niya iyon pagkatapos mag-jogging. Mula sa restaurant ay dalawang blocks lang ang opisina ni Donald. At ang itaas ng floor ni Donald ay ang penthouse kung saan siya tumutuloy kapag ayaw niya sa bahay niya sa New Manila. At mukhang mas madadalas siya sa penthouse.

Matapos ang meeting sa mga store managers ay hinarap ni Lee ang laptop. May maliit na ngiti sa kanyang mga labi habang inaalala ang nangyari kanina.

He was able to tell her! Mahigit dalawang taon na noong huli siyang magkaroon ng girlfriend and everyone was pestering him about it, including Donald.

Nang araw na makita niya si Sunny sa lobby, he was caught off-guard by her smile. Kahit alam niyang para sa guwardya iyon, he was mesmerized. Almond-shaped eyes na itim na itim, small straight nose, at maninipis na labi. Katamtaman ang kulay ng makinis nitong kutis. Lampas-balikat ang bagsak na buhok ni

Sunny na itim na itim din. At kahit masungit ito sa kanya, alam niyang mapagkakatiwalaan ito. At hindi pa nagkamali ang gut feel niya. That's what brought him to the top mula sa sarili niyang pagpupursigi.

Si Donald ang best friend niya simula elementary days pa. Last year ay sinabi niya rito na dadalhin na lang niya sa opisina nito kapag may nagustuhan na siya para matigil na ito sa pang-aasar. And that was what he did. He brought Sunny to his office. At malinaw niyang sinabi kay Donald iyon. Kaya hindi puwedeng ito ang crush ni Sunny.

Chapter Three



Nadatnan na niya sa apartment sina Raine at Sunshine. Ang anak nito ay ipinangalan nito sunod sa kanya. Panggabi ang kapatid sa call center at pabor na pabor ang schedule nito sa kanila. Siya ang nag-iintindi sa bata sa umaga at naghahatid sa eskuwelahan kung saan ito kinder na. Lumalabas ito sa school nang alas doce at sinusundo naman ni Raine. Pumapasok ang kapatid tuwing alas diez ng gabi.

“Ang traffic,” reklamo niyang ginusot ang buhok ng bata at inilapag sa harap nito ang pasalubong na biscuit. Ngumuso ito upang humalik sa kanya at yumuko si Sunny. Likas na

malambing ang bata lalo sa kanya.

“Kumusta ang unang araw?” tanong ni Raine. Mas maputi ito kaysa sa kanya at mas bagay nga yata rito ang pangalang Sunny dahil sa masayahin nitong disposisyon.

“Okay lang...”

“Wag ka namang agad magsusungit doon para magkaroon ka ng mga kaibigan at boyfriend.”

Kahit kasi sa dati pang trabaho ay iilan lang ang naging malapit sa kanya. Bigla, gumuhit sa isip niya ang imahe ni Lee.

“Wag ka nang umasa sa boyfriend,” matabang na sabi ni Sunny. Wala siyang tiwala sa mga lalaki.

Sumeryoso ang mukha ni Raine. “Kahit iniwan tayo ni Tatay, kahit tinakasan ako ng ama ni Sunshine, umaasa pa rin ako na darating ang araw na may makikilala akong magmamahal at tatanggap sa aming mag-ina.”

“Andito naman ako.”

“Siyempre naman, Ate, pero iba ’yung may magiging tatay si Sunshine.” Hindi niya kinontra ang kapatid. “Saka gusto ko rin na kahit niloko ka ni Dino ay makatagpo ka ng magmamahal sa ’yo.”

“Masaya na ako sa inyo ni Shine.” Totoo iyon. Minsan lang nagkanobyong si Sunny. Sa apat na

taong relasyon nila ay nagtiwala siya rito nang buo. Kaya naman ang pinaghirapan niyang ipon ay ipinahiram niya upang matulungan itong makapag-abroad. Nakaplano na ang kasal nila pagkatapos ng kontrata nito sa Dubai. Ngunit hindi na ito bumalik. Nalaman na lang ni Sunny, may kinakasama na ito roon. Last year ay nabalitaan niyang umuwi ng Pilipinas ang dating nobyo at nagpakasal.

“Twenty-seven ka pa lang. Sigurado akong may makikilala kang higit doon.”

“Wag mo nga akong madaliin.” Natigilan si Sunny. Ang usapan nila, maaari lang itong mag-asawa kapag nakapag-asawa na siya. “May boyfriend ka na, ano?”

Yumuko ito sa anak. “Wala pa, Ate.”

“Kilala kita. ‘Wag mo nga akong pagtataguan. Ipakilala mo sa akin ang magaling na lalaking ‘yan.”

“Sige, Ate, sasabihin ko.”

“Seryoso na ba iyan?”

Tumango ito. “Mabait naman si Dexter. Kasamahan ko sa call center.”

“Alam ba niya ang tungkol kay Sunshine?”

Tumango ito kasabay ng pag-iwas ng tingin. “Oo. Mukhang magkakasundo naman sila.”

“Sige, ipakilala mo sa akin.” Hindi niya gustong humadlang sa kaligayahan ng kapatid bagaman nakaramdam siya ng pag-aalala.

Matamlay siyang nagpalit ng damit. Pagkatapos maghapunan ay natulog na sila ni Sunshine. Si Raine naman ay gumayak na para pumasok sa trabaho.



Makalipas ang mahigit isang linggo ay last day na ni Ate Leonor at after office hours ay dumerecho sila sa isang buffet restaurant malapit sa opisina.

Nagulat pa siya nang datnan nila si Lee roon. “I work here,” sabi nito na tila nahalata ang pagtatanong sa mga mata ni Sunny.

Bahagya siyang nailang nang maalala ang huli nilang usapan.

“Mag-join ka na sa table, Lee,” aya ni Ate Leonor. “Last day ko naman.”

“Sure, basta katabi ko crush ko.” Sinulyapan siya ng binata at natawa ang nag-request.

“Ako ba iyan?” tanong ng kanilang receptionist na umabrisyete pa kay Lee. *Bagay nga kayong magsama. Isang walking endorsement ng gluta at isang Koreanong nagtatrabaho sa buffet restaurant.*

Tumawa lang si Lee at disimuladong tinanggal

ang braso ni Sheila. “Sandali lang, magpapaalam lang ako sa loob.” Tinanguan ito ni Ate Leonor na tila may pinipigil na ngiti.

Nagsisimula na silang kumain nang maupo si Lee sa bakanteng silya sa tabi niya.

“O’ayan, inireserba kita ng upuan sa tabi ng crush mo,” tudyo ni Ate Leonor.

Naubo siya.

“He told Sunny?” usisa ni Donald.

“Oo. Noong isang linggo.”

“Kaso mukhang may ibang crush ang crush ko.” Pinalungkot pa ni Lee ang mukha.

“Sino naman?” Si Donald ulit.

Bakit ba pinag-uusapan siya ng mga ito na parang wala siya roon?

“Ikaw.”

Naubo si Donald at nanlalaki ang mga matang tumingin sa kaibigan.

“No way.” Tinapunan siya nito ng tingin. Ang ibang kasalo nila sa mesa ay puno rin ng curiosity ang tingin sa kanya. Si Sheila naman, bagaman malayo sa kanila, ay nakita niyang nakasimangot. “Alam mong hindi kita kakatalohin.”

“Of course,” sagot ni Lee. “At may plano naman ako para ako na ang maging crush niya.”

Napailing si Sunny. “Wag n’yo nga akong

pag-usapan na parang wala ako rito.”

Natawa si Lee. “Ikaw lang ba ang puwede kong maging crush?”

Pakiramdam ng dalaga ay nag-init ang mukha niya dahil sa pagkakapahiya at galit. “Wag mo akong paglaruan.” Niyuko niya ang pagkain.

“Not cool, bro,” sagot ni Donald.

Hindi sumagot si Lee at may ilang sandaling tila napuno ng tension ang katahimikan. Si Ate Leonor ay muling nagkuwento at bahagya siyang nakahinga nang maluwag. Hanggang matapos kumain ay hindi na siya sumali sa usapan.

Nang magpaaalam ang iba ay nagpaaalam na rin si Sunny. Niyakap siya ni Ate Leonor.

“Pagpasensyahan mo na si Lee. Talagang maloko minsan, pero mabait ’yan.”

Tumango lang ang dalaga. Alanganin siyang humakbang patungo sa isang sulok na mesa kung saan lumipat sina Donald at Lee at tila may seryosong pinag-uusapan.

“Sir, uuwi na po ako. Salamat po sa libreng hapunan.”

Nagkatinginan ang dalawa. “Okay. Ingat ka.”

Naglalakad na si Sunny patungo sa bus stop nang tawagin ni Lee.

“Sunny...” Umagapay ito. Sinimangutan niya ang binata.

“I’m sorry. Hindi ko intensyon na ipahiya ka kanina. Ikaw talaga ang crush ko.”

“Ayoko.”

“What?”

“Ayokong crush mo ako.”

“Why not?” Naguguluhan ang expression ng binata.

“Ayoko lang. Saka may iba nga akong crush, di ba?”

“I don’t care. Basta crush kita. Mapipigilan ko ba iyon?”

“Hindi na kita kakausapin.”

Napakamot si Lee sa ulo bago hinawakan ang braso niya para pahintuin siya sa paglakad.

“Okay. Sige, iba na lang ang crush ko. Sa isang kondisyon...”

“Ano?” diskumpyado niyang tanong. She was suddenly aware of his hands on her arms.

“Magkaibigan na tayo.” Inilahad ng lalaki ang isang kamay.

Puno ng pagdududang tinitigan niya ito. “Okay.” Tinanggap niya iyon at nabigla nang hapitin ng binata.

Itinulak niya ito. “Bakit ka ba nangyayakap!”

sita ni Sunny.

“We’re friends. Walang malisya iyon. Masaya lang ako.” Ngumiti ito. Naiiling na muli siyang nagsimulang maglakad. “Ihahatid na kita.”

“Tapos na ba ang trabaho mo? May sasakyan ka ba?” She sounded sarcastic. “Wag na at sayang pa ang pamasaha mo. Makakauwi akong magisa.”

Lumaylay ang balikat ni Lee. “Okay, friend.” Pinigil niya ang pagnanais na bawiin ang sinabi sa nakitang disappointment nito.



Nadatnan niya si Raine na umiiyak sa kama nito. “Si Sunshine?” kinakabahang tanong ni Sunny.

“Kinuha ni Bryan, Ate...” tukoy nito sa ama ni Sunshine.

“Bryan? Paano kayo natunton ni Bryan?”

Humagulgol ito. “Si Dexter ay si Bryan. Nagkita ulit kami sa call center. Nalaman niya ang tungkol kay Sunshine. Akala ko magiging okay na ulit kami kaso kinuha lang pala niya ang loob ng bata. May asawa na pala ang hayup at hindi magkaanak.”

“Asan sila?” nagpa-panic niyang tanong. “Paano nakuha ang bata?”

“Kasama ko siyang sumusundo kay Shine tuwing tanghalian. Kumakain kami sa labas pagkatapos.” Lumakas ang iyak nito. “Kanina, itinakas niya ang bata.”

“Ano ba namang katangahan ’yan, Raine!” Hindi na niya napigilan ang galit. “Halika, i-report natin sa pulis.”

“Wala daw akong karapatan sa anak ko, sasabihin daw niya na itinago ko ang bata sa kanya.”

“Siraulo siyang animal siya! Tigilan mo ang kaiiyak at samahan mo ako sa presinto.”

Ginawan ng report ang reklamo nila kay Bryan. Sumama sila sa address ng lalaki ngunit wala na ito roon. Ayon sa mga kapitbahay, may isang linggo nang nakalipat ng bahay ang mag-asawa at walang makapagsabi kung saan na ito nakatira.

“Pinlano nila ito...” iyak ni Raine.

Wala nang silbi kung magagalit pa siya rito. Hinagod niya ang likod ng kapatid.

Kinabukasan, bagaman puyat ay maagang pumasok si Sunny. Alas ocho eksakto, pumanhik si Lee bitbit ang paperbag nito.

“May sakit ka ba?” he asked.

“Wala naman. Napuyat lang.”

Tumango lang ito at inilapag sa sulok ang paperbag. “Lakad na ako,” paalam nito.

Tumango lang siya, puno pa rin ng isipin kay Sunshine.

Nang dumating si Donald ay agad siya nitong pinatawag para sa dictation. Dalawang sulat ang pinagawa nito. At parehong may mali sa gawa niya.

“Sorry ho, sir,” aniya nang ibalik dito ang tama nang kopya.

“Are you alright?”

Naiyak siya bigla at ikinuwento ang nangyaring pagkuha sa kanyang pamangkin.

“Maybe I can help you out.”

“Talaga ho?” She was hopeful.

“Ano’ng pangalan ng ama ng bata?”

“Bryan Natividad ho.”

Tumango ito at may tinawagan sa cellphone.

“Kaibigan kong abogado iyon sa *NBI*. Babalitaan kita agad kapag may nakuha silang impormasyon.”

“Salamat ho, sir.”

Pang-anim na araw nga ay nabawi nila ang bata. Sinampahan nila ng reklamong kidnapping si Bryan at ang asawa nito.

“Sir, sobrang laki ho ng pasasalamat ko sa

inyo,” sabi ni Sunny.

Kasama nila si Donald sa presinto at inihatid pa sila nito sa apartment. Maging si Raine ay halos yakapin ang boss niya sa sobrang pasasalamat.

“Naapektuhan ang trabaho mo kaya kailangan ko ring gawan ng paraan,” balewalang turan nito. “Besides, it’s always a great feeling to help people in need.” Hindi napigilang yumakap siya sa binata at muling nagpasalamat sa tulong nito.

“What happened?” tanong ni Lee.

Gulat na humiwalay siya kay Donald pagkadinig sa boses ng lalaki. Nakakunot ang noo nito habang nakatingin sa kanila. And Donald looked guilty, too.

“Paano mo nalaman?” tanong ni Donald.

“Kay Reena.” Madilim pa rin ang mukha ng binata. Nagseselos ba ang ‘friend’ niya? “Ilang araw tayong sabay na nagtatanghalian ’tapos hindi mo man lang ikinuwento sa akin,” anito sa kanya.

“Ayaw ko lang abalahin ka pa.”

“Hindi abala iyon. Kay Donald nga nasabi mo.”

“Hindi niya sinasadyang naikuwento, bro.”

Umiling lang ang lalaki.

“Sorry na,” sambit ni Sunny.

“Tapos pagdating ko, nagyayakapan pa kayo...”

Napangiti ang dalaga. “Nagpasalamat lang ako.”

“Okay na ba ang pamangkin at kapatid mo?” tanong ni Lee.

Tumango siya. “Gusto ko sana kayong imbitahan sa loob ng bahay namin kaso masyadong masikip. Nakakahiya naman.”

“It’s alright.” Nagpatiuna si Lee sa pagpasok sa apartment. Ipinakilala niya ang dalawa sa kapatid at pamangkin.

Hindi rin nagtagal at nagpaalam na ang mga ito.

“So sino sa dalawa ang gusto mo?” tanong ng kapatid nang sila na lang ang naiwan sa bahay.

Punung-puno ng panunudyo ang ngiti nito. Si Sunshine noon ay natutulog na.

“Kaibigan ko lang si Lee, at si Sir Donald ay siyempre, boss ko.”

“Hmm... di ko alam kung desidido ka na ngang hindi na magmahal ulit. Pero kung mag-aasawa ka, ’yung mayaman para hindi man masaya ang puso mo, masaya naman ang bulsa mo. At siguradong kayang-kaya ka niyang

protektahan sa mga gaya ni Bryan. At mukhang parehong mayaman ang boss mo at si Lee.”

“Hindi mayaman si Lee,” wala sa loob na pagtatama ni Sunny.

“Really? At siya ang nauna mong tinukoy kasi...? So si Lee ba ang...?”

“Tumigil ka nga.” Inirapan niya si Raine.

Kung hindi na nga siya magmamahal muli ay tama ang kapatid, mag-asawa na lang siya ng mayaman at baka sakaling magbago ang kapalaran nila. Para hindi na sila isang kahig, isang tuka. At makakapag-aral sa mas magandang eskuwelahan ang pamangkin niya.

Hanggang makatulog ay dala niya ang isiping iyon.



Papasok na sila ni Sunshine sa school nang tawagin ng kanyang landlady.

“Aabisuhan lang kita na sa susunod na linggo ay gigibain na ang apartment n’yo. Nakapag-loan ako at ipapagawa ko nang two-storey na boarding house.”

“Biglaan naman ho.” Martes na ngayon at hindi birong maghanap ng malilipatan lalo at pareho silang may trabaho ni Raine. “May bakante ho ba sa inyo?” tukoy niya sa boarding

house nito sa ibaba.

“Naku, puno. At kung meron man, bawal d’un ang bata.”

“Grabe naman ho kayo, Mrs. Gomez. Kami ang pinakamatagal na umuupa rito ’tapos napakaikli ng ibinibigay nyong palugit.”

Tinalikuran na siya nito. “Maghanap na kayo agad.”

“Eh may upa pa kami hanggang pangkatapusan, ah.”

“Hindi ko na ibabalik iyon dahil sa kuryente at tubig n’yo na mapupunta iyon.”

Lumakad na ito palayo.



“O matamlay ka ulit...” puna ni Lee. Ang dala nitong ulam ay Salisbury steak.

“Hindi ka ba napapagod lumakad nang dalawang kanto para dito magtanghalian? Sigurado pagbalik mo sa restaurant, gutom ka na naman,” sa halip ay sabi ni Sunny bagaman nasasanay na siyang kasalo ang lalaki tuwing tanghalian. Hindi pa niya ito nasisita sa pagtukoy sa restaurant bilang karinderya.

“Hindi ako ang pinag-uusapan natin. Ano’ng problema?”

“Pinapaalis na kami sa inuupahan namin...”

“At wala kayong malilipatan?”

Tumango si Sunny at matamlay na sumubo. Kahit gaano kasarap ang pagkain ay hindi niya ma-appreciate dahil sa alalahanin.

“Yung kaibigan ko nagpaparenta ng condo unit niya.”

“Ano nama’ng ibabayad ko d’on?”

“Ahm... kailangan lang niya ng caretaker. So ang babayaran mo lang ay tubig at kuryente.”

Kumislap ang mga mata ng dalaga. “Talaga? Saan iyon?”

“Makati area din lang. Puwedeng lakarin mula rito. Sigurado namang maglalakad ka kesa mag-taxi.” Ngumisi ang binata sa kanya.

Binato niya ito ng tissue. “Sasamahan mo ’ko? Puwede ba kaming lumipat agad?”

“Oo naman. Kahit ngayon na.”

Napangiti si Sunny. “Thank you.”

“Wala ba akong yakap d’yan?” tudyong nito. “Di ba noong nagpapasalamat ka kay Donald, may payakap-yakap ka pa?”

“Eh, crush ko iyon...” Lumabi siya para ikubli ang pagsisinungaling.

His gaze fell on her lips. “Para yakap lang, eh.”

Tumayo siya at lumapit sa binata. Tumayo ito at inilahad ang mga bisig. Natatawang yumakap

siya rito. She sighed as his hardness framed her. Hindi man kasinlaki ni Donald ang katawan ni Lee, the guy was perfectly fit and well-muscled. Paanong hindi niya malalaman eh ilang beses na itong nagpabalik-balik sa opisina nila nang nakapang-jogging.

And he smells so good.

“Isa pa...” anito nang kumawala siya. Tumaas ang kilay ni Sunny. “Hindi ka nagpasalamat noong natanggap ka rito.” He grinned. Naiiling na muli siyang bumalik sa bisig ng binata. Higit na mahigpit ang yakap ni Lee sa pangalawang pagkakataon at tila ayaw siyang pakawalan.

Marahan niya itong itinulak. “Baka maabutan na tayo ni Sir Donald.”

“You’re welcome.” Ngumiti ito at tinulungan siyang iligpit ang mga pinagkainan nila. “Susunduin kita mamaya para makita mo ’yung unit.”

Tumango siya at nagpaalam na ito.

Chapter Four



Pagdating sa unit ay hinihinal na siya. Natatawang inabutan siya ni Lee ng tubig. “Masasanay ka ring lakarin,” sabi nito. Tumango siya at naupo. Mga apat na kanto rin mula sa opisina.

Nilinga niya ng tingin ang paligid. “Lalaki ang may-ari.” Hindi iyon tanong. Halata naman sa mga gamit na nasa unit.

“Oo, bihirang umuwi dito.”

“Nasaan?”

“Korea.”

“Payag siyang dito kami?”

“Oo, natuwa pa nga. May maglilinis na raw ng unit niya.”

“Malinis naman.” Tumayo si Sunny at sinilip ang CR bago dumerecho sa isang pinto sa dulo. May double size bed sa loob ng kuwarto. “Sa sala na lang si Raine.”

“Yes, puwede siya sa sofa bed. Kayo ni Sunshine ang magkatabi natutulog?”

“Oo, nasa call center nanay niya sa gabi, eh.” Naupo si Sunny sa kama bago nahiga nang nakalawit ang mga binti. “Kapag nakapag-asawa ako ng mayaman, hindi na kailangang magsakripisyo ng malaki. Puwede nang makasama ni Shine lagi ang mama niya.”

Naupo ang binata sa tabi niya at tumunghay sa kanya. “So gusto mo ng asawang mayaman?”

Tumango si Sunny. “Oo.”

“What about love?”

Umismid siya. “Praktikal lang ako. Hindi ko na pangarap ang mga gan’on...”

“Na-trauma ka ba para magsalita nang ganyan?”

Tumingin siya rito. “Iniwan kami ng tatay namin sa mismong birthday ko. Nang sumunod na araw, nalaman naming sumama siya sa amo niyang mayaman. Nag-suicide ang Inay. Para kaming mga tutang pinagpasa-pasahan ng mga kamag-anak.” Pumatak ang luha ni Sunny.

Mapait siyang ngumiti at pinahid iyon. “Tapos si Raine, nabuntis. N’ung malaman ng lalaki, naglahong parang bula. At kailan lang, kinidnap ang anak nila kasi hindi magkaanak sa asawa.”

“Eh, ikaw?”

“Iniwan ako ng una at huling boyfriend ko. Apat na taon kami bago siya nag-Dubai. Pinagamit ko na lahat ng ipon ko, nagkautang pa ako. S’abi niya, pagbalik niya magpapakasal na kami. Ayun, hindi na bumalik. Last year umuwi siya ng ‘Pinas at pinakasalan ’yung babaeng nakilala sa Dubai. Hindi na naalala ang utang niya sa akin. Hanggang ngayon ’yung balance n’un hinuhulugan ko pa sa five six.” Hindi niya alam kung bakit kay daling ikuwento ang lahat kay Lee.

“I’m glad,” anito matapos ang sandaling katahimikan. “Kung nagpakasal kayo, hindi tayo siguro nagkakilala.”

She pouted. “Ang tanga ko lang kasi ipinagkatiwala ko lahat. Hindi ako nagtira para sa sarili ko. Kaya ’eto, hindi ko alam kung kaya ko ulit magmahal nang gan’un.” Napatitig siya sa kausap at nag-iwas ng tingin. “Kaya pipili na lang ako ng asawang mayaman.”

“Would that make you happy?”

“Siguro...”

“Paano ka naman magkakaasawa ng mayaman, wala ka namang mayamang boyfriend?”

Sandali siyang nag-isip. “Si Sir Donald.”

“Boyfriend mo na si Donald?” Napaunat ito.

“Hindi. Naisip ko lang, wala namang girlfriend si Sir. Baka sakaling magustuhan niya ako.” The idea became appealing the more she thought about it.

“Iba ang tipo ni Donald,” ani Lee.

“Ano ba’ng tipo niya?”

“Bakit naman kita tutulungan?” Nahiga ito sa tabi niya.

Umangat si Sunny para tumunghay dito. “Kaibigan mo ako.”

“Kaibigan ko rin si Donald. Malay ko ba kung masama talaga ang ugali mo. Para ngang mukha kang pera.” Tumawa ito.

Kiniliti niya ang tagiliran ng lalaki at agad nitong nahuli ang mga kamay niya. Sa pagpipigil sa kanya ay nabaliktad ang posisyon nila at halos makubabawan na siya ng binata.

“Lee!” Nanlaki ang mga mata ni Sunny nang bahagyang lumapit ang mukha nito na tila hahagkan siya.

“Testing...” Ngumisi ito saka umalis sa ibabaw niya.

Nag-iinit ang mukhang naupo siya. Gusto ba niyang hagkan siya ni Lee? Bakit parang nanghinayang siya na lumayo ito? “Tara na nga at gagabihin ako.”

“Next time...” Nilingon siya ni Lee.

“Anong next time?”

“Next time, itutuloy ko... you look disappointed eh.”

“Sira.” Kinuha na ng dalaga ang bag upang itago ang pamumula ng mukha.



Inihatid niya si Sunny bago dumerecho sa meeting place nila ni Donald at Reena. Naabutan na niya ang kaibigan doon.

“As usual, late si Reena.” Naupo siya at tiningnan ang menu.

“On the way na raw.”

“Sunny’s in *Leeland Tower*,” kaswal na sabi niya kay Donald sa sitwasyon ng dalaga.

“Sa unit mo? Alam niyang sa inyo ’yung building?”

“Of course not. She doesn’t even know that I own the restaurant. And your company’s building,” matabang niyang sagot.

“Why not?”

“She wants to marry a rich man.”

“No way. I don’t think she’s like Yvette.”

“How do you know?” Nakilala ni Lee si Yvette noong nagsisimula pa lamang siya sa kanyang restaurant. Naniwala siyang mahal siya ng babae. In fact, they had decided on their wedding date. But his biological father saw through her and offered her money, and now she’s gone.

Nagkibit-balikat ang kaibigan. “Hindi sila pareho.”

“At least Sunny’s honest about her intention of marrying a rich man.” Gusto niyang malungkot gusto niya rin itong bigyan ng benefit of the doubt. Maybe she’s not serious about it. Besides, he wished she would experience love again. “At alam mo ba kung sino ang mayamang prospect ni Sunny?”

“Sino?”

“Ikaw.” He laughed at his friend’s reaction.

Natawa din si Donald. “G*go. I’ll tell Sunny how rich you are.”

“Hi, brother.” Humalik si Reena sa pisngi niya bago pa siya nakasagot kay Donald.

“You’re late,” puna ni Lee.

“Sorry, nag-meet kami ni Mama. Alam mo

kung gaano karami ang kuwento niya.”

His face softened. “How are they?”

“Nagtatampo sa Erik nila. Hindi na raw dumadalaw.”

‘Erik’ ang pangalan ni Lee sa birth certificate, sunod sa pangalan ng papa ni Reena na ‘Enrico’.

Inampon siya ng mga magulang ng babae bago pa ito ipanganak. Parehong dentist ang mag-asawa at si Reena ay sumunod sa yapak ng mga ito. Siya naman ay nagsimula ng restaurant business.

Noon naman niya nakilala ang kanyang biological father who was Korea’s top real estate developer. Hindi ito nagkaanak sa pangalawang asawa at matagal na pala siyang hinahanap. Ayon sa ama, itinakas siya ng Filipinang ina nang maghiwalay ang mga ito. Sadly, his mother didn’t make it to her province. Naaksidente ang sinakyan nitong bus at isa ito sa mga nasawi. Dinala siya sa bahay-ampunan nang walang lumutang na kamag-anak ng kanyang ina. Doon nga siya natagpuan ng mga magulang ni Reena.

Nang magkasundo sila ng tunay na ama, nagsimula na rin itong magnegosyo sa Pilipinas. Sa kasalukuyan ay nasa Korea ito at ipinasa sa kanya ang pamamahala ng condominium

building at iba pang mga gusali nito.

His friends call him 'Lee' because of his Korean name which is Lee Seung-Hyun.

"Maybe sa wedding anniversary nila, pupunta ko," sabi niya kay Reena. "I'll bring someone." Sa Tagaytay nakabase ang adoptive parents niya at siguradong magtatampo ang mga ito kapag hindi siya sumipot doon.

Nanlaki ang mga mata ng babae dahil sa excitement. "Who is she?"

"Next week makikilala mo, malibang mapikot na niya si Donald."

Nagkatawanan silang magkaibigan. Reena eyed Donald suspiciously.

"Worried?" he teased his sister. Alam niyang mahal pa nito ang kanyang kaibigan. Kung bakit naghiwalay ang dalawa ay hindi niya alam. Parehong umiiwas ang mga ito na pag-usapan iyon.

"Nah. I don't care." Tinawag ni Reena ang waiter at nag-order. "I came here para lang makausap ka rin. Masyado kang busy."

"Tell Mama na uuwi ako sa anniversary nila."

"With a girlfriend, hopefully." She smiled and he nodded in agreement.



“What?” Natigil ang pagsubo ni Lee sa tanong ni Sunny.

“Ka ko, sinabi mo siguro kay Sir Donald iyong usapan natin noong nakaraan sa condo.”
“Alin doon?” Lee’s expression was blank.

“Yung paghahanap ko ng asawang mayaman.”
Hininaan niya ang tinig. Napansin kasi niyang medyo nailang ang boss niya kapag nahuhuli siyang nakatingin.

“Hindi, ah. Bakit ko naman sasabihin.”

“Eh di tutulungan mo ako?”

Matiim siyang tinitigan ng kaharap. “You know, Sunny. You’re so special.”

“Tigilan mo ako,” putol niya. Seryoso ang mukha ni Lee at unti-unti siyang nakakaramdam ng pagkailang.

“You’re so special that I want you to experience love again. Money isn’t everything. I want you to fall in love with the right man and grow old happily.”

Napakurap ang dalaga. His sincerity was overwhelming. “Buo na ang desisyon ko,” aniya para pagtakpan ang nararamdamang pagkailang.

“You’ll marry for money? That’s sad.”

“Hindi rin.”

Hindi ito sumagot na tila tinitimbang ang

katotohanan sa mga sinasabi niya. Kapagkuwan ay matamlay na ngumiti.

“Tutulungan mo naman ako, di ba?” Pinasigla ni Sunny ang tinig. Bakit parang ang lungkot ng pinag-uusapan nila?

“Kay Donald?”

“Oo, kanino pa ba?”

“Pag-iisipan ko.” He was back to his usual self. Lumawak ang ngiti nito na tila may itinatagong kalokohan.



Pagkatapos nilang magtanghalian, pumasok si Lee sa opisina ni Donald.

“What?” tanong ni Donald sa pagkakangiti niya. Alam niyang galing ito sa meeting kay Reena. Nag-uusap ang mga ito tungkol sa isang bagong negosyo pero may palagay siyang higit pa roon ang mangyayari.

“She’s on the go... madeup face, lipstick, skirt...” naaliw na sambit ni Lee, tinutukoy si Sunny na halatang nagpapaganda nitong nakakaraan.

“Yeah, I noticed. Double shit.” Namutla si Donald at lalo siyang natawa. “Ano’ng gagawin natin?”

“Well, she’s mine. Kaya umiwas ka lang nang

umiwas while I let her play her game.”

Tumango ang kaibigan. “I trust you, bro. Siguruhin mo lang na hindi ako mapipikot. Yari ka kay Reena.”

“And I trust you, bro.” His words held warning.



“Ano ba naman ’yan, Raine...” reklamo ni Sunny sa kapatid. Umiiyak na naman ito nang datnan niya. Nagastos daw nito ang pera sa paluwagan ng mga kasamahan nito. “Hindi pa tayo nakakalipat, panibagong isipin pa iyan.”

“Minsan kasi kinakapos talaga, Ate.” Suminghot ito at nagmamakaawang tumingin sa kanya.

“Saan naman ako kukuha ng treinta mil? Alam mo namang kakasimula ko lang din sa trabaho. Paano ngayon ’yan?”

“Nakausap ko na sila, hanggang katapusan pinagbibigyan nila ako.”

“Katapusan? Next week na iyon!” Gusto niyang sakalin ang kapatid. “At kahit hanggang next month pa iyan, wala akong pambayad diyan.”

“Kahit magkano lang, Ate, pandagdag lang sa ibibigay ko sa kanila sa katapusan.”

“O eh paano ang tuition ng anak mo?”

Hindi ito sumagot.

Matapos magbihis ay humiga na si Sunny. Hindi na siya kumain ng hapunan. Hindi niya nais na magkasamaan pa sila ng loob ng kapatid. Bago matulog ay lalong tumibay ang pagnanais niya na makapag-asawa ng mayaman.

Kung may pagkakataon nga naman ay bakit hindi? At kailangang bilisan niya habang walang girlfriend si Sir Donald. Kung sakaling magtagumpay siya, madali na rin sigurong matutunang mahalin ang lalaki. Bukod sa pisikal na anyo ay naniniwala siyang maganda rin ang kalooban nito.



She was walking down the aisle. Puno ang malaking simbahan ng mga nakangiting bisita. Lahat ay interesado sa magandang bride. Ang suot niya ay mamahaling gown na ipinatahi pa sa sikat na designer. Ang palibot ay punong-puno ng makukulay na bulaklak.

Nakangiting nagsimula siyang humakbang sabay sa malamyos na boses ng wedding singer. Perfect wedding, indeed. Punong-puno ng kaligayahan ang puso niya habang naglalakad.

Pero napahinto siya nang may mapansin. Bakit

si Lee ang groom? Nasaan si Sir Donald?

Nagmulat si Sunny ng mga mata at kumunot ang noo sa panaginip niya. Bakit si Lee ang groom?

Siguro dahil mas madalas niya itong kasama at mas kampante ang loob niya rito. Pero hindi sapat para maging groom niya. Panaginip na nga lang, ipinagkait pa.

Kunsabagay, kabaliktaran daw ang mga panaginip.

Nilinga niya ang wallclock. Pasado alas cuatro ng umaga. Nagpasya siyang bumangon na at maghanda ng almusal. Pagkatapos ay naglaba siya ng kaunting damit nila at naligo. Maliwanag na nang gisingin niya si Sunshine. Sabay silang nag-almusal bago niya ito pinaliguan.

Bago mag-alas ocho ay nasa opisina na siya at dinatnan ang boss niya na may kausap sa telepono. Nakatalikod ito at hindi namalayan ang pagpasok niya sa office.

“Yeah... I’ll see you later?” may pagsuyong tanong nito sa kausap. “Susunduin na lang kita...”

Bahagyang kumunot ang noo ni Sunny. Di yata at mapupurnada pa ang plano niya.

Tahimik na lumabas siya ulit ng opisina.